

Taon XXXIV Blg. 11 Hulyo 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Bigwasan pa ang rehimeng Arroyo ng mga taktikal na opensiba

Binabati ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang magigiting na Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa matatagumpay na taktikal na opensiba na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng bansa nitong nagdaang tatlong linggo.

Ipinagbubunyi ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa buong bansa ang maniningning na mga taktikal na opensiba ng BHB sa Samar at Compostela Valley na nagresulta sa pagsamsam ng malaki-laking bilang ng armas at pagpuksa sa mga pasistang tropa ng kaaway.

Ang mga ito ay alinsunod sa pangkalahatang rebolusyonaryong linya at sa panawagan ng ika-11 Plenum ng Komite Sentral ng PKP na paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka batay sa paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong baseng masa at kaakibat ng pagsusulong ng pakikibakang antipyudal ng masang magsasaka sa kanayunan.

Kongkretong tugon ito sa masidhing kagustuhan at pangangailangan ng mamamayan sa harap ng sobra-sobrang pang-aapi at pagpapahirap sa kanila ng reaksyunaryong rehimen. Ang mga taktikal na opensibang ito ay bahagi ng pagpapaigting ng iba't ibang tipo ng paglaban ng mamamayan sa papet, militarista at tiwaling rehimeng Arroyo.

Ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ay kailangang-kailangan din upang masandatahan ang hukbong bayan at higit pa itong mapalaki, mapalakas at mas mahusay na makatugon sa lumalaking mga tungkulin sa pagsusulong ng digmang bayan.

Ipinakikita ng mga ito na bigo ang militarismo at



ang ipinagmamayabang na "all-out war" ng rehimeng Arroyo laban sa BHB. Bunga ng mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at bilang patunay ng kawastuan ng linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya alinsunod sa papalawak at papalalim na baseng masa sa kasalukuyang yugto ng paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas, patuloy na lumalakas ang BHB sa buong bansa. Nagtatamasa ito ng papalawak na suportang masa at umaani ng tuluy-tuloy at paparaming mga tagumpay.

Lalong bumibilis ang pagsulong nito bunsod ng lubhang pagkakahiwalay sa masa ng papet na mersenaryong hukbo at ng lubhang pagkaligalig at pagkakabaon ng reaksyunaryong gubyerno sa patungpatong at di malutas-lutas na mga problema. Lalo pa

Mga tampok sa isyung ito...

Lumalaganap, dumadalas ang mga TO ng BHB PAHINA 3 Rebolusyonaryong unyonismo sa Gitnang Luzon PAHINA 5 Laban ng manggagawa sa Lepanto Mining PAHINA 9 itong pinatitindi ngayon ng papabigat na obligasyon sa mga panlabas na utang ng bansa at papalaking panustos sa gastos para sa militar.

Nagkakandahilo ang rehimen sa kaiisip kung paano aapulain ng batak na batak nang pwersa ng AFP ang pagkalat ng apoy ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kahit napakalaki na ng AFP, kaya lamang nitong magkonsentra ng pwersa sa iilang larangang gerilya. Maging sa mga nasasaklaw nitong larangan, hindi kayang ipirmi ng AFP sa bawat sulok ang presensya nito.

Noon pa man, kalakhan na ng mga batalyon ng Philippine Army, Marines at Special Forces ang nakatalaga sa mga larangang gerilya ng BHB. Katunayan, kahit sa Mindanao, mas malaking pwersa ng AFP ang nasa mga larangang gerilya ng BHB kaysa mga erya ng MILF, MNLF, Abu Sayyaf at iba pang pwersang Moro.

Nitong Hunyo, napilitan ang rehimen na hugutin maging ang ilang tropang nakatalaga laban sa MILF upang ipwesto sa mga larangang gerilya sa Samar. Idinagdag ang dalawang batalyon at isang Reconnaisance Company sa Samar

matapos ang dalawang matagumpay na opensiba ng BHB doon. Isa rito ang 14th IB na inilipat noong 2001 sa Sulu upang tugunan ang lumalakas na paglaban ng mamamayang Moro sa lugar. Iniutos din ni Arroyo sa pulisya at lokal na pamahalaan na punan ang mga eryang hindi kayang saklawin ng AFP.

Ang pagdaragdag ng mga tropa ng AFP na nakapakat sa ilang larangang gerilya ay tiyak na magreresulta sa mas malawakan at mas malubhang pang-aabuso sa mamamayan. Gayunman, magbibigay din ito ng mas maraming target ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Sa kawalang pag-asang magwawagi ang reaksyunaryong pwersang militar laban sa rebolusyon, walang ibang tinatakbuhan ang rehimeng Arroyo kundi ang imperyalismong US. Sa pakikipagkutsaba kay Pres. George Bush ng US, mahigpit na iginigiit ni Arroyo ang interbensyong militar ng US. Ginagawa itong numero unong panakot at gustong gawing pangunahing pangharap sa lumalakas na mga rebolusyonaryong pwersa sa bansa.

Sa utos ng imperyalismong US na sagasaan ang usapang pangkapayapaan, parang hangal na ipinapanakot ng rehimen ang pagpapa-walambisa sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Kung tutuusin, matagal nang ibinasura ng rehimeng Arroyo ang JASIG. Direkta nitong nilabag ang kasunduan nang makipagsab-watan ito sa imperyalismong US na ideklarang "terorista" ang PKP at BHB. Gayundin, labag sa JASIG ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kriminal na kaso at tuluy-tuloy na panggigipit kay Ka Jose Ma. Sison.

Ang ganitong mga hakbangin ng rehimeng Arroyo ay nagpawalang-saysay sa pagsisikap ni House Speaker Jose de Venecia nitong Hunyo 28 na muling buhayin ang usapang pangkapayapaan. Upang muling mabuksan ang pag-uusap, kinakailangang bawiin ni Arroyo ang nauna nitong kampanya sa US at Europe na ikategoryang "terorista" ang PKP at BHB at si Kasamang Sison.

Para masuhayan ang deklarasyong "terorista" ang PKP at BHB na puspusang tumututol at nagpapabulaan dito, naghahabi ngayon ang rehimeng Arroyo ng iba't iba na namang mga kasinungalingan, kabilang ang akusasyong sangkot sa iligal na droga ang BHB at nagmamantine ito ng mga plantasyon ng marijuana sa mga sonang gerilya. Subalit madali ring napasisinungalingan ang lahat nang ito at nalalantad ang katotohanang ang AFP, PNP at mga pinuno ng gubyerno mismo ang siyang mga nasa likod ng negosyo sa iligal na droga sa bansa.

Katulad ng pagharang ni Arroyo sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, hinahadlangan din nito ang usapang GRP-MILF. Ang pagdedeklarang "terorista" ang MILF at pagpataw ng mandamyento de aresto laban sa mga lider nito ay ginawa ng GRP para magsilbing malaking balakid sa pagpapatuloy ng usapan.

ANG Say Ang Sa

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hili-

gaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	
Bigwasan pa ang rehimen	
ng mga taktikal na opensiba	1
Matatagumpay na TO	
Lumalaganap, dumadalas	3
Walang pinsala ang BHB	4
Mga Ulat Koresponsal	
Rebolusyonaryong unyonismo sa	
Gitnang Luzon	5
Welga sa Central Azucarera	
de Tarlac	7
Laban ng mga manggagawa	
sa Lepanto Mining	9
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas




Lumalaganap, dumadalas

L umalaganap at bumubwelo ang mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Mula Hunyo 16 hanggang unang linggo ng Hulyo, sunudsunod na mga pananambang, pananalakay at iba pang aksyong militar laban sa nahihiwalay at maliliit na tropa at detatsment ng Philippine Army, Philippine National Police at Citizens' Armed Forces Geographical Units (CAFGU) ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma.

Pinakatampok dito ang pagsalakay sa kampo ng 52nd IB sa Eastern Samar noong Hunyo 28 at ang pananaig ng BHB sa nakasagupang mga tropa ng 60th IB nitong Hunyo 30 sa Compostela Valley sa timog Mindanao. Sa kabuuan, may naitalang 33 kaaway ang napatay habang 23 ang nasugatan. Nakasamsam ang BHB ng 39 armas at sarisaring kalibreng mga bala at iba pang gamit militar.

Compostela Valley. Isang M203, walong M16, tatlong M14 at isang teleskopyo ang nasamsam ng BHB mula sa nakasagupang isang platun ng 60th IB bandang 1:30 ng hapon nitong Hunyo 30 sa Baryo



Pansabangan, New Bataan.

Sampung sundalo, kabilang ang kumander nilang si 2nd Lt. Peter James Angeles, at tatlong elemento ng CAFGU ang napatay habang lima pa ang nasugatan sa labanan.

Ayon sa ulat ng Merardo Arce Command, nakaengkwentro ng 36-

"Editoryal," mula sa pahina 2

Nasa katayuan ang BHB para lalo pang paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Palagiang mulat ang BHB na sa pagkonsentra ng AFP sa ilang partikular na erya, naiiwang bukas at maluwag ang mas maraming iba pa. Kahit nakakonsentra, palaging may relatibong mahinang bahagi ang pwersa ng kaaway na mahalagang tukuyin at bigwasan.

Hindi mapipigilan ng rehimeng Arroyo ang pagbwelo ng armadong pakikibaka laluna ngayong palalim nang palalim ang kinasasadlakang krisis ng naghaharing sistema. Bangkarote ito at batbat ng kabulukan, korapsyon at mga alitan. Ang rehimeng Arroyo ay labis nang kinamumuhian at nahihiwalay sa mamamayan.

Sa kabilang panig, tuluy-tuloy na lumalawak, lumalalim at lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa. Magkakaakibat nitong isinusulong ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa. Mulat na nag-uugnayan at nagtutulungan ang iba't ibang saklaw at bahagi ng rebolusyonaryong kilusan, gayundin ang kilusan sa kanayunan at sa kalunsuran. Mapangahas nitong pinalalawak ang pambansang nagkakaisang prente habang nagtatamasa ang rebolusyon ng malalim at malawak na suporta ng sambayanang Pilipino.

kataong yunit ng BHB ang naturang mga tropa. Habang nakikipagpalitan ng putok, nagmaniobra ang isang iskwad ng BHB upang agawin ang mas mataas na bahagi ng lugar ng labanan. Mabilis na nakapangi-

Agusan del Norte. Noong Hunyo 27, tinambangan ng BHB at napatay ang isang elemento ng CAFGU at tatlong myembro ng Civilian Volunteer Organization (CVO) sa Lawan-lawan, Las Nieves.

babaw ang mga Pulang mandirigma.

Eastern Samar. Mahusay na nagamit ng mga Pulang mandirigma ang elemento ng sorpresa, kamoplahe ng kadiliman at malakas na ulan upang matagumpay na gapiin ang patrol base ng "A" Company ng 52nd IB sa Barangay Cagpili, Oras noong Hunyo 26. Sinimulan ang reyd bandang 4:30 at tumagal nang dalawang oras ang labanan. Dahil sa layo ng lugar at kahirapan ng ruta patungo roon, hindi agad nakapagpadala ng reimporsment ang kaaway.

Nakasamsam ang BHB ng pitong M16, limang M14, isang grenade launcher, siyam na garan at dalawang karbin. Limang sundalo at 10 kasapi ng CAFGU ang napatay. Nadamay din ang asawa ng isang sundalo. Dalawa ang nasugatan. Bago umatras ang mga gerilya, sinunog nila ang detatsment.

Ang reyd na ito ay pangalawa na sa Eastern Samar sa loob lamang ng isang linggo. Noong Hunyo 22, sinalakay din ng BHB ang istasyon ng pulis sa sentrong bayan ng Quinapondan. Kasabay nito, hinalughog ng mga Pulang mandirigma ang mga bahay ng mga pulis kung saan nakakumpiska sila ng isang M16, isang .45 at isang .38. Nasugatan sa naturang reyd si Insp. Cayetano Gannaban, munisipal na hepe ng pulisya.

Abra. Isang sundalo ng Special Operations Team ng 17th IB ang

napatay at isa ang nasugatan sa isang ambus ng Agustin Begnalen Command-BHB sa Sityo Tapayen, Barangay Alaoa, Tineg noong Hulyo 2. Papunta sila, kasama ang tatlo nilang giya, sa kanilang command post nang isinagawa ang pananambang.

Zambales. Isang sundalo ng 24th IB ang napatay at tatlo pa ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na sagupaan sa San Marcelino, Zambales. Napatay ang isang sundalo nang salakayin ng BHB ang detatsment ng 24th IB sa Barangay Adlao noong gabi ng Hunyo 16. Nasugatan naman ang tatlong sundalo nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa Sitvo Itanglew noong sumunod na araw. Ang naturang mga sundalo ay kabilang sa pwersang reimporsment na sumaklolo sa detatsment. Pinasabugan ng BHB ng landmine ang sinasakyan nilang V-150 armored personnel carrier. Naging martir sa labanan si Reggie "Ka Cesar" Espinosa, isang manggagawa mula San Simon, Pampanga na sumapi sa BHB noong 2001. Taliwas sa pahayag ng AFP na siyam ang nasawi sa BHB, ligtas na nakaatras ang ibang Pulang mandirigma.

Nitong Hulyo 5, sugatang dinala sa ospital ang limang tropa ng Regional Special Action Force at 315th Provincial Mobile Group ng Zambales PNP matapos makasagupa ang isang yunit ng BHB sa Barangay Maguisguis, Botolan.

Quezon. Anim na tropa ng 59th IB ang nasugatan nang tangkain nilang kubkubin ang pinagkakampuhan ng BHB sa Sityo Kinasakitan, Barangay Canaway, General Nakar nitong Hunyo 28. Pinasabugan sila ng claymore mine ng BHB. Sa mahigit isang oras na labanan, dalawang Pulang mandirigma ang magiting na nag-alay ng kanilang buhay.

Walang pinsalang tinamo ang BHB sa engkwentro sa Pampanga at Zambales -Ka Roger


Isang napakalaking kasinungalingan. Ito ang reaksyon ni Gregorio "Ka Roger" Rosal sa iniulat ng AFP na 15 Pulang mandirigma ang napatay sa engkwentro nitong Hulyo 4 sa bayan ng Sasmoan, Pampanga at 20 naman sa labanan sa Botolan, Zambales nitong Hulyo 5.

Ayon sa ulat ng Josefino Corpus Command (JCC) ng BHB sa Gitnang Luzon, walang namatay sa hanay ng mga gerilya. Ang totoo, ayon pa sa JCC, hindi bababa sa apat na sundalo ang napatay sa kaaway sa Sasmoan at pito naman ang napatay sa Botolan.

"Sa utos ng Malakanyang at ng mga upisyal ng AFP, lumikha ang militar ng higanteng kasinungalingan sa desperasyong itaas ang bumababang moral ng kanilang mga tauhan," ayon kay Ka Roger.

"Mula nang dumanas ng malalaking pagkatalo sa Samar at Compostela Valley habang walang maipagmalaki ni isang tagumpay, ang mataas na kumand ng AFP at mga tao sa propaganda ay nauwi sa pag-iimbento ng sarisaring kasinungalingan upang pagtakpan ang kanilang mga kabiguan," ani Ka Roger. "Ang paglulubid ng buhangin ay matagal nang gawi ng AFP. Katunayan, ang mga pasista ay lubos-lubos na mga sinungaling," dagdag pa niya.





Matagumpay na pagtatayo ng isang rebolusyonaryong unyon

anggagawa, magkaisa! Walang mawawala sa atin kundi ang ating mga tanikala!" Ang deklarasyong ito ni Marx ay totoong-totoo para sa mga manggagawa ng isang modernong pagawaan sa Gitnang Luzon. Sa loob ng tatlong taon, nanindigan at nakibaka ang mga manggagawa rito hanggang maitayo nila ang isang rebolusyonaryong unyon at sa ngayon ay inaani na nila ang mga panimulang bunga ng kanilang pagpupunyagi.

Taong 2000 nang simulan ang paq-oorganisa sa pabrika na magiging larangan ng pakikibaka at paghahalawan ng mahahalagang aral kaugnay ng pagtatayo at pagpapatataq nq isang rebolusyonaryong unyon sa Gitnang Luzon. Sa pabrikang ito, inabot ng rebolusyonaryong kilusan na busabos ang kalagayan ng mga manggagawa. Moderno ang kagamitan at sentralisado ang paggawa ngunit nakapailalim ito sa makalumang sistemang kabo. Labor-only contracting ang ipinatutupad noong sistema sa pag-eempleyo. Ipinalalabas nito na hindi ang kapitalista ang nageempleyo sa mga manggagawa kundi mga "kontraktor" na walang kakayahang magpasahod at magbigay ng mga benepisyo. Kontraktwal

at walang pag-asa noong maging regular ang mga manggagawa rito.

Walang nakatakdang arawang sahod. Binabayaran lamang ang mga manggagawa ayon sa dami at kalidad ng nayayaring produkto. Wala silang anumang benepisyo. Karamihan sa mga manggagawa ay nakatira sa mga barung-barong sa isang lugar kung saan walang kuryente, tubig at anumang alternatibong mapagkukunan ng pagkain. Ang iba ay nangungupahan lamang sa masisikip na espasyo sa mga barung-barong ng kapwa nila maralita.

Sa loob ng isang taon, nabuo ang mga grupong pang-organisa at komiteng pang-organisa na naging batayan para maitayo ang sangay ng Partido sa loob ng pabrika. Kasabay nito, ginagabayan ng mga kasama ang nabubuong grupo para sa pagtatayo ng unyon sa pabrika.

Mabilis na kumalat ang diwa ng tunay na unyonismo. Hindi naging balakid para sa mga manggagawa na magtayo ng unyon sa kalagayang lahat sila ay mga kontraktwal.

Matagumpay na welga

Hindi pa man pormal na naitayo ang unyon, iginiit na ng mga manggagawa sa kapitalista ang mga benepisyong matagal nang ipinagkait sa kanila. Bilang tugon, sinipa ng kapitalista ang mga manggagawang pinakaaktibo sa pag-oorganisa ng unyon. Nagwelga ang mga manggagawa. Sa unang mga linggo, naparalisa nila ang buong produksyon ng pabrika. Ngunit nagmaniobra ang kapitalista. Kumuha ito ng mga iskirol na ipinasok sa pabrika sa tulong ng mga pulis at tinangkang buwagin ang piketlayn. May mga araw na nagtagumpay ang kapitalista na ituloy ang operasyon ng pabrika, may mga araw namang nanaig ang mga manggagawa. Tumagal nang ilang buwan ang ganitong arawaraw na labanan.

Nakapagpunyagi anq mga manggagawa sa mahabang labanan sa kanilang piketlayn sa kabila ng kawalan ng mga rekurso at paulitulit na harassment. Bunga ito ng (1) mataas na diwang mapanlaban at malakas na suporta ng kanilang mga pamilya at komunidad; (2) walang sawang pagtulong ng iba pang unyon at progresibong sektor; (3) mahusay na pakikipaq-alyansa sa iba pang demokratikong sektor at indibidwal at (4) wasto at napapanahong pagharap ng rebolusyonaryong armadong kilusan sa usapin.

Bago at habang nakawelga, tuluy-tuloy na naglunsad ng mga pag-aaral ang mga manggagawa. Kabilang dito ang mga kurso sa tu-



nay na unyonismo, mga kurso sa ilalim ng Pambansa-Demokratikong Paaralan (PADEPA) at mga Marxista-Leninistang aralin. Matapos ang welga, dumoble ang kasapian ng Partido at naitayo ang tatlong sangay nito alinsunod sa daloy ng produksyon at konsentrasyon ng mga manggagawa. Naitayo ang ko-

miteng tagapagpaganap ng sangay. Umabot din sa daan-daan ang napaunlad na masang aktibista sa loob ng unyon.

Naging susi rin sa taqumpay nq welga ang suporta ng mga organisa-

syong masa sa komunidad ng mga manggagawa. Kasabay ng pagoorganisa sa loob ng pabrika, inorganisa rin ng mga manggagawa ang kanilang komunidad at inihanda para sa laban ng unyon. Naitatag dito ang mga organisasyong masa na naging bukal ng suporta at naging lunsaran ng mga kampanya hinggil sa iba pang usaping kinakaharap ng mga manggagawa. Naglunsad sila ng mga proyektong medikal, sibiko at iba pa para matugunan ang pangangailangan ng lahat ng nasa komunidad. May naitayo rin ditong sangay ng Partido.

Upang maiwasang masukol at madurog ng kapitalista, sinikap at naqtaqumpay ang mga manggagawa na higit pang palaparin ang suporta sa kanilang welga at samahan. Bukod sa suporta ng ibang mga unyon at organisasyong masa sa komunidad, nakabig nila ang mga taong-simbahan, mga upisyal ng lokal na pamahalaan at maging ilan sa mga pwersa ng pulis. Ang mga ito ang bumuhay sa mga manggagawa at kanilang mga pamilya sa buong panahong sila ay

nakawelga. Malaking tulong ang mga isinagawang imbestigasyon at iba pang ligal na hakbang sa mga kasong isinampa nila laban sa kapitalista.

Malaki rin ang naitulong ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na kumikilos sa sonang gerilyang nakasasaklaw sa pagawaan.

Sa loob ng tatlong

taon, nakapagpadala

na ang unyong ito ng

mahigit 20

manggagawa sa iba't

ibang larangang

gerilya sa rehiyon.

Ipinaliwanaq BHB sa kapitalista ang mga patakaran ng rebolusyon hinggil sa pakikitungo sa mga kapitalista at kanilang mga pabrikang nasa loob ng mga sona. Binalaan nito ang kapitalista laban

paggawa ng mga hakbang na lubos na makapipinsala sa interes ng mga manggagawa at ipinaliwanag ang kaparusahan para rito. Nanyutralisa nito ang kapitalista na agad tumigil sa paggamit ng dahas.

Dahil makatarungan ang ipinaglalaban ang mga manggagawa at determinado sila sa laban, napilitan ang kapitalista na sumangayon sa kanilang mga iginigiit. Ibinalik nito sa trabaho ang mga tinanggal na manggagawa at nangakong magbibigay ng mga benepisyo katulad ng SSS at medical pay. Naipanalo rin ng mga manggagawa ang kanilang mga ligal na kaso.

Sa ngayon, nagpupursigi ang mga manggagawa upang pormal nang kilalanin ng kapitalista ang kanilang unyon bilang kinatawan ng mga manggagawa sa kolektibong pakikipagtawaran.

"Pagpapahukbo"

Dahil sa tindi ng pagsasamantala at pang-aapi na dinaranas ng mga manggagawa sa pabrikang ito, hindi mahirap para sa kanila na sapulin ang kawastuan at kahalagahan ng demokratikong rebolusyong bayan at armadong pakikibaka. Mula sa mga pag-aaral sa lipunan at sarili nilang karanasan, madali nilang naiugnay ang kanilang kahirapan sa iba pang sektor, lalupa't marami sa kanila ay nagmula rin sa uring magsasaka. Aktibo ngayon ang unyon nila sa mga rehiyunal at pambansang pakikibakang masa. Masigla silang dumadalo sa mga pampulitikang mobilisasyon at kampanyang masa sa labas ng pagawaan.

Ngunit ang pinakamatingkad na tagumpay ng unyon ay ang relatibong marami at tuluy-tuloy na pagpapasapi nito ng mga manggagawa sa BHB. Sa loob ng tatlong taon, nakapagpadala na ang unyong ito ng mahigit 20 manggagawa sa iba't ibang larangang gerilya sa rehiyon. Malaking igpaw ito sa nagdaang kahinaan ng kabuuang kilusang paggawa sa nakaraang mga taon.

Masusing pinaplano ng sangay sa loob ng pabrika ang "pagpapahukbo" o paqpapasapi sa BHB. Pinapanday nito ang kasapian ng unyon sa pamamagitan ng tuluytuloy na pag-aaral at paglahok sa mga lokal na pakikibaka at pangkalahatang kilusang masa. Sa bawat programa, itinatakda nito ang target na bilang ng mga manggagawang itatalaga sa BHB at ikinakampanya sa kasapian na magboluntaryo. Ikinakampanya rin nito ang programang pakikipamuhay ng mga manggagawa sa mga yunit ng BHB sa loob ng ilang buwan.

Tulong-tulong na inihahanda ng unyon ang mga kasapi na nagpahayaq nang sumapi sa BHB. Binibigyang-diin sa kanilang mga pag-aaral ang mga kursong makatutulong sa pagkilos sa kanayunan, katulad ng pag-aaral sa rebolusyonaryong gabay sa repormang agraryo, mga araling pangmagsasaka at iba pa.



Tinutulungan din ng unyon ang mga manggagawa sa pangangalap ng mga gamit. Tinitiyak ng sangay ng Partido sa unyon, katuwang ang sangay sa komunidad, ang kagalingan ng mga pamilyang naiiwan. Sa abot ng kanilang makakaya, nag-aambag ang mga manggagawa para sa batayang mga pangangailangan ng mga pamilya. Sa gayon, hindi nagiging hadlang maging sa mga padre de pamilya ang magpasyang sumapi sa BHB.

Ang pabrikang ito ay isa lamang sa maraming pabrika sa buong bansa na kinikilusan o tinatayuan na ng rebolusyonaryong unyon. Tinatawag itong rebolusyonaryo dahil malaking bahagi na ng unyon ay may makauri at rebolusyonaryong kamulatan, kahit pa mayroong bahaging nahuhuli.

Matatag ang istruktura ng Partido at malaki ang bilang ng mga masang aktibista sa loob ng pabrika. Nahaharap nito ang pamumuno sa mga pang-arawaraw na gawain ng unyon at mga pang-ekonomya at pampulitikang pakikibaka ng masang kasapian, kaalinsabay ang aktibong pag-aambag sa ligal na demokratikong kilusang masa sa lunsod at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Mga tagumpay at mahahalagang aral mula sa welga sa Central Azucarera de Tarlac

Sumiklab noong Pebrero 2003 ang apoy ng pangkalahatang welga ng mga manggagawa at mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita at Central Azucarera de Tarlac (CAT). Mabilis itong kumalat sa kanilang mga komunidad hanggang sa nakamit ang tagumpay.

Ang Hacienda Luisita at CAT ay pag-aari ng pamilya nina dating Pres. Corazon Aquino at dating Rep. Jose Cojuangco Jr., na ngayon ay isa sa mga tagapayo ni Arroyo. Ito ang ikalawang pinakamalaking

pagawaaan ng asukal sa bansa at siyang nagsusuplay sa halos buong Luzon. Dito rin nirerepina ang 70% ng asukal na inaangkat ng bansa.

Mahigit isang taon nang naghahapag ng mga hinaing ang mga

> manggagawa sa manevdsment ng CAT laban sa kontraktwalisasyon at pagkakait ng mga benepisyong medikal na nakasaad sa kanilang CBA (collective bargaining agreement) at dati na nilang tinatanggap. Dahil sa pagmamaniobra ng maneydsment at sa dilawang gawi ng pamunuan ng unyon, tumagal nang tumagal nang walang pinatutunguhan ang mga hinaing na ito. Hanggang noong Disyembre 2002, lalong kumulo ang sitwasyon at hindi na makapaghintay ang mga

manggagawa. Nagpasya ang mga manggagawa na ituloy ang kanilang paglaban nang magtatapos na ang kabyawan (pagtatabas ng tubo). Ang pagpaparalisa ng operasyon ng gilingan noon ay nagbantang sumira sa relasyon ni Cojuangco sa ibang mga panginoong maylupa sa luqar na naqsusuplay ng tubo sa CAT. Kinabig ng mga manggagawa ang urong-sulong ngunit matitino pang upisyal ng unyon at inihiwalay and mga dilawan para maisulong na nang buong determinasyon ang laban ng mga manggagawa.

Enero 2003 na nang magsimula ang puspusang pagkilos ng mga manggagawa sa empresa. Mula Enero hanggang maagang bahagi ng Pebrero, naglunsad ang mga manggagawa ng serye ng samasamang pagkilos upang igiit ang kanilang mga hinaing. Kasabay nito, itinakwil ng mga manggagawa ang korapsyon at ekonomismo ng mga dilawang lider ng unyon at hinawan ang daan para sa pagpapatalsik sa mga ito.

Iginiit ng maneydsment na iligal ang mga pagkilos ng mga manggagawa. Tinangka nitong ipako ang unyon sa napakahaba at



ANG BAYAN Hulyo 7, 2003

 \sim

walang katapusang negosasyon na pinanghimasukan ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Hindi nalinlang ang mga manggagawa at sa halip ay nagdeklara sila ng welga. Agad na nagpalabas ng kautusang Assumption of Jurisdiction (AJ)¹ ang DOLE upang pigilin ang welga. Sa kabila nito at ng lantarang panunuhol at panggigipit ng maneydsment, militanteng itinayo ng mga manggagawa ang piketlayn noong gabi ng Byernes, Pebrero 21, upang iwasang agad na maudlot ng kautusang AJ ang welga.²

Kinabukasan, tiqil na ang operasyon ng azucarera at nakapalibot na sa empresa ang 1,000 manggagawa at kanilang mga tagasuporta. Tumuqon ang malalapit na komunidad ng mga manggagawang bukid sa panawagang itigil ang trabaho at lumahok sa welqa. Baqo pa ang welga, naqdaos ang mga manggagawa ng rali na dinaluhan ng mahigit 500 sumusuporta sa welga, kabilang ang mga tricycle driver, ibang manggagawa sa loob ng asyenda, mga manggagawang bukid, mga estudyante at iba pang mamamayan. Humigit-kumulang 1,000 ang nadaragdag sa piketlayn bawat araw. Sa ikaapat na araw, umabot na sa 4,000 manggagawa at manggagawang bukid ang militanteng naninindigan sa piketlayn. Walang nagawa ang maneydsment kundi direktang makipagnegosasyon sa mga manggagawa labas sa proseso ng DOLE. Isanlibong manggagawa at manggagawang bukid ang humarap sa negosasyon.

Sa loob ng tatlong araw na ne-

gosasyon, naigiit ng mga manggagawa ang lahat ng kanilang mga kahilingan. Napabalik nila ang kanilang mga benepisyong medikal at naibasura ang patakaran ng kontraktwalisasyon. Nabuksan din ang negosasyon para sa pagpapatupad ng mga wage order na tusong ti-

nanggal sa huling CBA. Nakinabang dito ang mahigit 800 manggagawa ng CAT. Dagdag pa, naigiit ang mga kahilingan ng mga manggagawang bukid para sa pagtitiyak ng minimum na 80 araw ng pagtatrabaho sa bawat panahon ng kabyawan, libreng pagpapaospital at qa-

mot at iba pang batayang pangangailangan. Naibalik ang serbisyo ng kuryente sa mga komunidad na pinutulan ng CAT nang magdesisyon ang mga manggagawa na magwelga. Sumang-ayon din ang manedysment na tutulong sa pagpigil sa anumang pagtatangkang militarisasyon sa mga komunidad ng mga manggagawa at manggagawang bukid. Nabuksan maging ang isyu ng napipintong pagpapalitgamit ng lupa sa asyenda. Matagumpay na natapos ang welga sa loob ng isang linggo.

Mga tagumpay at aral

Naging susi sa tagumpay ng welga ang militanteng paninindigan ng mga manggagawa sa panahong pinahina na ng mga dilawang gawi ng mga oportunistang lider ang kanilang unyon. Nanaig ang mga manggagawa dahil tangan nila ang wastong pagsusuri, kapasyahang lumaban at mahusay na mga taktika na lubos na sinuportahan ng pangkalahatang kasapian at iba pang mamamayan.

Sa pamamagitan ng
tuluy-tuloy na
pagpapaliwanag,
nabaka sa kasapian ang
talamak na ekonomismo
at iba pang
impluwensya ng
dilawang unyonismong
matagal na naging
balakid sa kanilang
pagsulong.

Puspusang nalantad at nahiwalay sa proseso ng paglaban at welga ang korapsyon at pakikipagkutsaba sa maneydsment ng ilang pinuno ng unyon. Sa pamamagitan ng tuluytuloy na pagpapaliwanag, nabaka sa kasapian ang talamak na ekonomismo at iba pang im-

pluwensya ng dilawang unyonismong matagal nang naging balakid sa kanilang pagsulong. Dahil dito, lalong tumimo ang tunay na unyonismo sa kasapian at nabuksan ang oportunidad upang ibayong maitaas ang kanilang makauring kamulatan.

Ang lawak at militansya ng kanilang napakilos na pwersa ay naging napakalaking tulong sa kanilang laban. Napatunayan ng mga manggagawa ng CAT na maaaring ilunsad ang independyenteng pakikipagnegosasyon sa maneydsment na hindi nalilimitahan ng mga burukratiko at kontra-manggagawang patakaran at proseso ng DOLE. Mahusay nilang nagamit at napakinabangan ang lakas at impluwensya ng kanilang unyon sa lokal na puli-

¹Kadalasang ginagamit ang AJ o Assumption of Jurisdiction upang ideklarang iligal ang welga at pwersahin ang unyon na makipagnegosasyon kahit pa ang welga'y may lehitimong mga batayan at dumaan sa mga prosesong ligal. Dito'y inaangkin ng kalihim ng DOLE ang karapatang resolbahin ang mga isyu ng welga. Naglalabas ito ng kautusang balik-trabaho at qinagamit ang pulisya upang ipataw ito.

²Dahil Sabado at Linggo ang susunod na mga araw, walang upisyal na makapaghahapag ng AJ order sa mga manggagawa.



tika, ang magandang tyempo ng welga at mga partikular na sirkunstansyang pang-ekonomya at pampulitika ng asyenda at ng pamilyang Cojuangco. Sa gayon, naging mas mabilis at mas pleksible ang negosasyon.

Ang welgang nag-umpisa bilang welga sa CAT ay humantong sa welga ng buong asyenda. Pinalapad at pinasaklaw ito ng partisipasyon, magkatuwang na paghahapag ng mga kahilingan at pakikipagnegosasyon ng mga manggagawang bukid ng asyenda at kanilang mga komunidad.

Higit na napalapad at napatibay nito ang mga ugnay at alyansa sa iba pang sektor at pwersa sa loob at labas ng asyenda. Direktang lumahok sa mga pagkilos ang kasapian ng ibang militanteng unyon sa asyenda, mga organisasyong masa at panggitnang pwersa. Tumulong sa pagtatanggol sa mga nagwewelga ang mga kapitan ng barangay sa saklaw at kanugnog ng asyenda sa pamamagitan ng pagharang sa mga lumalapit na militar. Bumuhos ang suporta mula sa mga estudyante, mga gitnang pwersa at pati mga nakaalyadong lokal na pulitiko.

Hindi lamang ang paglaban ng isang unyon sa isang ganid na burges-kumprador ang ibinandila ng welga sa CAT at Hacienda Luisita, kundi ang laban ng uring manggagawa, katuwang ang uring magsasaka, sa malalaking panginoong maylupa-burgesyang kumprador at sa mga patakaran ng reaksyunaryong gubverno.

Mga pihit sa laban ng mga manggagawa sa Lepanto Mining

mabot nang halos limang buwan ang laban ng mga manggagawa sa maneydsment ng Lepanto Consolidated Mining Corporation (LCMC) bago nila matagumpay na naigiit ang kanilang mga kahilingan. Mula Nobyembre 2002 hanggang Marso 2003, dumaan sa masalimuot na proseso ang paghinang ng lakas ng mga manggagawa, katuwang ang kanilang mga pamilya, komunidad at mga tagasuporta. Pinamunuan ito ng bagong halal na militanteng liderato ng unyon na pumalit sa naunang dilawang liderato.

Ang LCMC ang pinakamalaking prodyuser ng ginto at tanso sa bansa at may 2,586 pwersa sa paggawa. Kumikita ito ng \$47 milyon (mahigit P2.54 bilyon) kada taon sa eksport. Nakabase ang operasyon nito sa Mankayan, Benguet.

Pangunahin sa mga nilabanan ng mga manggagawa ang patakarang kontraktwalisasyon ng kumpanya, sapilitang pagpapatrabaho sa mga pista upisyal, pag-oobliga sa mga manggagawa na pumasok nang lubhang mas maaga kaysa kanilang regular na iskedyul, di pagbibigay ng kanilang pamaskong bonus, di pagdaan sa karampatang proseso at karakarakang pag-

tatanggal ng mga manggagawang pinag-hihinalaan ng "high grading"¹ at iba pang di makatarungang patakaran ng maneydsment kabilang ang ilang prubisyon ng kanilang collective bargaining agreement.

Ikinasa nila ang kanilang welga noong Pebrero 1, 2003, matapos ang serye ng mga kabiguan sa pakikipagnegosasyon sa maneydsment at ilang linggong pag-iipon ng lakas, pagpapatibay ng kaisahan at paghahanda sa laban sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga sama-

samang pagkilos.

Ipinadeklara ng LCMC na iligal ang welga sa pamamagitan ng Assumption of Jurisdiction (AJ) ng DOLE at inutusan ang mga manggagawa na bumalik sa trabaho. Ang mga di sumunod ay agad na sinisante. Sa halip na matinag, sinuway ng mga manggagawa ang utos ng DOLE at matatag na ipinagpatuloy ang welga.

Sa loob ng isang buwang naka-

ANG BAYAN Hulyo 7, 2003

¹Pagpupuslit ng high grade o mataas na grado ng buhanging naglalaman ng ginto.


 \bowtie

tirik ang welga, ilang ulit na tinangka ng maneydsment ng LCMC na buwagin ang piketlayn sa pamamagitan ng lokal na pulisya. Sinubukan din ng kumpanya na magpapasok ng mga iskirol ngunit binigo ito ng mga welgista. Maraming manggagawa ang sinaktan, hinaras at marami rin sa kanila ang iligal na inaresto at ikinulong.

Kasabay nito, binitag at pinresyur ng maneydsment ang pamunuan ng unyon upang pumirma sa isang di makatarungang kasunduan kung saan walang anumang kunsesyong ibinigay ang LCMC, kundi ang pahintulot na pabalikin sa trabaho ang mga manggagawa at ang pangakong pag-uusapan ang mga kahilingan ng mga manggagawa sa kundisyong sisisantehin ang buong pamunuan ng unyon. Dahil sa kawalang-kahandaan ng pamunuan ng unyon at sa pag-aakala ng presidente ng unyon na maaari nang "isakripisyo" ang pamunuan alangalang sa kapakanan ng mga manggagawa, napilitan ang presidente na sumang-ayon sa Memorandum of Agreement (MOA) ng LCMC na nangangahulugan ng pagsuko ng welga.

Ngunit nang iharap ito para sa pagtitibay sa pangkalahatang pulong ng kasapian, matatag silang nagkaisang pawalambisa ang kasunduan. Sa halip, higit pa nilang pinagtibay ang kanilang hanay at ikinasa ang ikalawang sikad ng laban. Bunga nito, lumakas ang loob at mapagkumbabang nagpuna sa sarili ang presidente ng unyon, at matatag at tuluy-tuloy na sumuporta sa solido at determinadong paglaban ng masang manggagawa.

Samantala, tuluy-tuloy ang buhos ng suporta ng mamamayan sa komunidad, ng simbahan, mga organisasyon ng mga magsasaka, mga lokal na balangay ng Bayan Muna at iba pang grupo. Nagpada-



la sila ng pagkain, nagbahay-bahay sa mga komunidad sa paligid para magpaliwanag at mangalap ng karagdagang suporta at lumahok sa mga rali at piket ng mga manggagawa at iba pang pagkilos sa labas ng minahan. Bagamat nagsisilbing abugado at alipures ng LCMC ang mayor ng Mangkayan, mas malawak ang nahimok na suporta sa mga manggagawa mula sa mga lokal na gubyerno sa Benguet, kabilang ang buong Association of Barangay Councils ng Mankayan, ang mga lokal na pamahalaan sa mga katabing munisipalidad, gayundin si Gov. Raul Molintas.

Sa tulong ni Governor Molintas, napilitan na rin ang maneydsment na maayos na harapin ang mga kinatawan ng mga manggagawa, iatras ang naunang panukalang MOA at makipagkasundo sa mga manggagawa.

Mga tagumpay

Ang welgang ito ay ang unang welga laban sa maneydsment ng LCMC sa loob ng 55 taon. Ang pinakahuli ay noon pang 1949 kung saan iginiit ng mga manggagawa na itaas ang kanilang sahod at kilalanin ang kanilang unyon. Ito rin ang unang pagkakataong namayani ang tunay, palaban at patriyotikong unyonismo ng mga manggagawa sa loob ng mahabang panahon. Sa proseso ng welga, napan-

day ang katatagan ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya at nahimok ang kanilang komunidad at kalapit na mga komunidad na suportahan ang laban sa pinakamalaking kumpanya ng pagmimina sa bansa.

Matapos ang welga, naibalik sa trabaho ang lahat ng mga tinanggal na manggagawa. Napagkasunduan ng mga manggagawa at ng LCMC na hindi gagawa ang kumpanya ng anumang ganting aksyon laban sa mga manggagawa. Dagdag dito, naiigiit ng mga manggagawa na iregularisa ang lahat ng mga kaswal na manggagawa matapos ang kanilang mga kontrata. Napagkasunduan na rin ang iba pang mga usaping kinaharap ng unyon.

Tumimo sa mga manggagawa ang kahalagahan at kapangyarihan ng sama-samang pagkilos para sa kanilang kapakanan. Sa loob ng ilang linggo, napatunayan nila na ito ang pangunahing paraan sa pakikibakang unyon. Walang takot nilang sinuway ang sarisaring pakana ng maneydsment at kapasyahan ng DOLE para biquin ang kanilang laban. Sa ganitong paraan, naranasan nila ang demokrasya sa kanilang hanay, epektibo nilang naharap ang mga maniobra at karahasan ng kapitalista at estado sa piketlayn at nakamit nila sa pangkalahatan ang kanilang mga kahilingan.



Iligal na detensyon ng mga aktibista sa Baguio, kinundena

KINUNDENA ng Chadli Molintas Command-BHB (CMC) ang iligal na pag-aresto at pagbibintang ng gawa-gawang mga kaso sa dalawang myembro ng progresibong organisasyon sa Ilocos Sur. Hinuli ng mga elemento ng MIG noong Hunyo 22 sina Evelyn Bedaña at Josephine Perez sa Baguio City, dinala sa isang safehouse at tinortyur upang paamining mga kasapi ng BHB at may mataas na katungkulan sa Partido Komunista ng Pilipinas.

Si Bedaña ay nagtatrabaho sa Solidarity of Peasants against Exploitation (STOP-Ex) na tumutulong sa mga magsasakang nagtatanim ng tabako sa Ilocos. Si Perez ay *regional coordinator* ng College Editors' Guild of the Philippines (CEGP)-Ilocos.

Tinuligsa ng CMC ang bintang ng militar na ang dalawa ay sangkot sa pagpatay sa mayor ng Tineg, Abra, pagpapasabog sa rebulto ni Marcos sa Baguio (2002), ambus sa mayor ng Sta. Lucia, Ilocos Sur (2001), pagpatay sa traydor na si Conrado Balweg (1999) at marami pang iba.

Samantala, pinalaya na nitong Hulyo 1 si Marie Flor Ramos, pinagbintangang BHB at isinangkot sa ambus sa mga tropang militar noong Enero 4 sa Palian, Tupi, South Cotabato.

Iniutos ng korte na pawalangsaysay ang kaso ni Ramos dahil sa kawalan ng matibay na ebidensya. Dinukot siya ng hindi kilalang mga tao sa Quezon City noong Marso 24. Ilang linggo siyang pinagkaitan ng karapatang makipag-ugnayan kaninuman, maging sa kanyang abugado at pamilya.

Hindi sangkot ang BHB sa iligal na droga -PKP

SA isang pahayag nitong Hulyo 6, pinabulaanan ng PKP sa pamamagitan ni Gregorio "Ka Roger" Rosal ang paratang ni GMA na sangkot ang BHB sa mga operasyon ng iligal na droga at pagmamantine ng mga plantasyon ng marijuana sa mga sonang gerilya.

Ang paratang ni GMA ay inilabas sa harap ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB at sa gitna ng palabas na kampanyang kontra-droga ng rehimen. Ayon kay Ka Roger, ang AFP, PNP at matataas na upisyal ng gubyerno ang sa katotohana'y nasa likod ng negosyo ng iligal na droga sa bansa. Aniya, wala ni isa sa mahigit 215 malalaking sindikato sa droga sa bansa ang hindi pinoprotektahan ng mga ito.

Ayon pa kay Ka Roger, maliliit na *pusher, user* at mga inosenteng biktima lamang ang hinuhuli sa palabas na kampanya ng rehimen.

Sa kabilang banda, mula pa noong itatag ng BHB, pursigido at epektibo ang kampanya nito laban sa iligal na droga lalo na sa mga eryang kinikilusan nito. Ayon kay Ka Roger, bunga ito ng mga pagsisikap ng PKP-BHB at buong rebolusyunaryong kilusan na aktibong maglunsad ng mga pangmasang kampanyang pampulitika at edukasyon laban sa paggamit ng iligal na droga.

Sa isa namang pahayag ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, sinabi niyang kinamumuhian ng BHB ang iligal na droga at hindi kailanman nakikisangkot dito ang Hukbo. Ayon kay Ka Oris, may mga natuklasan ang BHB na taniman ng marijuana sa ilang mga detatsment ng militar na nireyd ng Pulang hukbo sa mga nakaraang taon.

Gubernador ng Zambales, inaresto ng BHB

INARESTO ng isang 12-kataong iskwad ng BHB si Gov. Vicente Magsaysay ng Zambales sa kanyang pinagkukutaang bahay-bakasyunan noong Mayo 25. Dahil sa gulat, hindi nakapanlaban ang gubernador, sampu ng kanyang anim na badigard at mga pulis na kasama niya noon.

Ayon kay Ka Jose Agtalon, tagapagsalita ng Josefino Corpus Command (JCC), isinama ng BHB si Gov. Magsaysay upang kausapin hinggil sa sarisaring reklamo ng mga magsasaka at manggagawa sa Iba, Zambales. Kabilang sa mga reklamo ang pagpapalayas sa mga magsasaka sa Barangay Barbara, Iba at di pagbibigay ng sahod, mga bonus at benepisyo sa mga manggagawa rito. Sapilitan din siyang nagpapatrabaho sa mga manggagawa nang 24 oras nang walang *overtime pay*.

Inilinaw ng JCC na lehitimong target-militar si Gob. Magsaysay dahil sa kanyang mga kasalanan sa mamamayan at pagmamantine ng pribadong hukbo at malaking armori.

Gayunman, pinakawalan din siya ng BHB upang bigyan ng pagkakataong magbago.

Nakumpiska mula sa kanila ang isang M60, dalawang M14, dalawang M16, isang M203, apat na pistola at sari-saring mga bala. Nakasamsam din ng apat na radio transceiver, isang base radio, pitong cellphone at isang kamera.



Welga, nakaamba sa Cosmos

NAKATAKDANG magwelga ang mga manggagawa ng Cosmos Bottling Philippines laban sa pambabarat ng may-ari ng kumpanya na si Eduardo "Danding" Cojuangco. Kasalukuvang naka-deadlock ang negosasyon para sa kanilang CBA. Kabilang sa tinututulan ng mga manggagawa ang pakana ni Cojuangco na tanggalin ang kanilang seniority pay na malaon na nilang tinatanggap at signing bonus na P10,000 kada manggagawa. Nais din ni Cojuangco na ipako sa P40 kada araw lamang ang idaragdag sa kanilang sahod sa loob ng tatlong taon gayong nakatakda sa huling CBA ang pagdaragdag ng P50 sa batayang sahod sa loob ng

dalawang taon.

Tinututulan din ng mga manggagawa ang patakarang kontraktwalisasyon ng kumpanya. Mula nang mapasakamay ni Cojuangco ang Cosmos noong 2001, tumigil na ang pagreregularisa sa mga bagong manggagawa at unti-unti nang pinapalitan ng mga kaswal ang regular.

Upang pigilin ang welga, sabay na nanakot at nanuhol si Cojuangco. Nitong unang linggo ng Hulyo, naglabas na ang Department of Labor and Employment ng kautusang Assumption of Jurisdiction (AJ) upang ideklarang iligal ang welga, hindi pa man ito nailulunsad.

US PACOM, nagsisiyasat para sa pagpakat sa Albay

LABING-APAT na Amerikanong pwersang militar na nasa ilalim ng US Pacific Command (US PACOM) ang bumisita sa Legaspi City nitong Hunyo 20-28. Pinamunuan ni Col. Clipton Tarenaka ang isang tim. Ginamit nilang prente ang Disaster Preparedness and Mitigation Assessment Program ng US PACOM. Misyon umano ng grupo na magsagawa ng malalimang pagtatasa sa kahandaan ng lugar laban sa pagsabog ng bulkan, bagyo, pagbaha,

tsunami (dambuhalang alon ng dagat) at iba pang kalamidad.

Ang totoo, ang pagpuntang ito ng US PACOM ay may layuning siyasatin ang lugar para sa pinaplanong pagpakat sa Albay ng mga tropang Amerikano para sa mga pagsasanay-militar at iba pang aktibidad sa ilalim ng Visiting Forces Agreement (VFA). Iniwasan ng US na malantad sa midya ang pagbisitang ito upang makaiwas sa kontrobersya.

Bishop Antonio Fortich, 89

PUMANAW nitong Hulyo 2 si Bishop Emeritus Antonio Fortich, ng Bacolod City. Siya ay 89 na taong gulang.

Si Bishop Fortich ay kilala sa taguring "Obispo ng mahihirap." Bantog siyang tagapagtaguyod ng interes ng mga magsasaka at manggagawang bukid. Sumuporta siya sa pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Kasama rin siya sa paglaban ng mamamayan sa batas militar, partikular sa matinding militarisasyon sa Negros.

Dahil sa kanyang paninindigan para sa mga inaapi, si Bishop Fortich ay naging malapit sa rebolusyonaryong kilusan. Minsan siyang naging tagapayo ng National Democratic Front.

Kabilang sa mga nagparangal sa kanya sina Ka Luis Jalandoni, Consuelo Ledesma, Frank Fernandez at Gregorio "Ka Roger" Rosal.

Demolisyon sa Baclaran, kinundena

PINAMUNUAN ng Bagong Alyansang Makabayan-NCR ang isang rali sa upisina ng MMDA nitong Hulyo 7 upang kundenahin ang brutal na paglalansag sa mga pwesto ng mga manininda sa Baclaran, Roxas Blvd. at Coastal Road. Isang manininda ang napatay nang mabaril ng mga tauhan ng MMDA sa demolisyon nitong Hulyo 6. Pinagwawasak ng MMDA ang mga pwesto, binuhusan ng gasolina ang mga paninda at pinagpapalo ng batuta ang mga manininda.

South Korea at Germany, niyayanig ng mga welga

NIYAYANIG ngayon ng mga welga ng mga manggagawa at empleyado ang South Korea at Germany.

South Korea. Naglunsad ng magkakahiwalay na tigil-trabaho ang mahigit 100,000 manggagawa rito. Tinutulan ng 22,000 manggagawa na kabilang sa Korean Railway Workers' Union ang planong restructuring sa kumpanya. Tinutulan naman ng 8,000 manggagawa ng Chohung Bank ang planong pribatisasyon ng bangko. Samantala, iginiit ng 80,000 manggagawa sa 100 planta ng Hyundai Motors Company na bawasan ang kanilang oras ng paggawa mula 40 tungong 36 kada linggo.

Germany. Sa pamumuno ng IG Metall Industrial, pinakamalaking unyon sa industriya ng sasakyan, halos isang buwan na nagwelga ang mga manggagawa sa BMW at Volkswagen. Iginigiit nila na ibaba ng kumpanya ang kanilang oras ng paggawa mula 38 tungong 35 oras kada linggo.



Taon XXXIV Blg. 11 Hulyo 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Bigwasan pa ang rehimeng Arroyo ng mga taktikal na opensiba

Binabati ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang magigiting na Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa matatagumpay na taktikal na opensiba na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng bansa nitong nagdaang tatlong linggo.

Ipinagbubunyi ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa buong bansa ang maniningning na mga taktikal na opensiba ng BHB sa Samar at Compostela Valley na nagresulta sa pagsamsam ng malaki-laking bilang ng armas at pagpuksa sa mga pasistang tropa ng kaaway.

Ang mga ito ay alinsunod sa pangkalahatang rebolusyonaryong linya at sa panawagan ng ika-11 Plenum ng Komite Sentral ng PKP na paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka batay sa paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong baseng masa at kaakibat ng pagsusulong ng pakikibakang antipyudal ng masang magsasaka sa kanayunan.

Kongkretong tugon ito sa masidhing kagustuhan at pangangailangan ng mamamayan sa harap ng sobra-sobrang pang-aapi at pagpapahirap sa kanila ng reaksyunaryong rehimen. Ang mga taktikal na opensibang ito ay bahagi ng pagpapaigting ng iba't ibang tipo ng paglaban ng mamamayan sa papet, militarista at tiwaling rehimeng Arroyo.

Ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ay kailangang-kailangan din upang masandatahan ang hukbong bayan at higit pa itong mapalaki, mapalakas at mas mahusay na makatugon sa lumalaking mga tungkulin sa pagsusulong ng digmang bayan.

Ipinakikita ng mga ito na bigo ang militarismo at



ang ipinagmamayabang na "all-out war" ng rehimeng Arroyo laban sa BHB. Bunga ng mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at bilang patunay ng kawastuan ng linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya alinsunod sa papalawak at papalalim na baseng masa sa kasalukuyang yugto ng paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas, patuloy na lumalakas ang BHB sa buong bansa. Nagtatamasa ito ng papalawak na suportang masa at umaani ng tuluy-tuloy at paparaming mga tagumpay.

Lalong bumibilis ang pagsulong nito bunsod ng lubhang pagkakahiwalay sa masa ng papet na mersenaryong hukbo at ng lubhang pagkaligalig at pagkakabaon ng reaksyunaryong gubyerno sa patungpatong at di malutas-lutas na mga problema. Lalo pa

Mga tampok sa isyung ito...

Lumalaganap, dumadalas ang mga TO ng BHB PAHINA 3 Rebolusyonaryong unyonismo sa Gitnang Luzon PAHINA 5 Laban ng manggagawa sa Lepanto Mining PAHINA 9